



Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Tanggapan ng Tagapamanehala ng mga Paaralan

Enero 24, 2020


Sa: Mga Katuwang na Tagapamanehala ng mga Paaralan
Mga Hepe ng CID at SGOD
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampurok ng Silangan at Kanlurang Hagonoy
Mga Punong Guro ng mga Pampublikong Paaralang Elementarya
at Sekundarya ng Bayan ng Hagonoy

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Lalawigan ay magdaraos ng pagdiriwang ng **ika-93 Guning Taong Kaarawan ni GAT BLAS F. OPLE**. Ito ay gaganapin sa **ika-03 ng Pebrero, 2020, Lunes, ganap na ika-7:30 ng umaga, sa harap ng gusaling Gat Blas F. Ople Sentro ng Kabataan, Kaalaman at Hanapbuhay (Livelihood Training Center), Antonio S. Bautista, Bulacan Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.**

Kaugnay nito, kayo ay inaatasang dumalo suot ang kasuotang *smart casual* upang saksihan ang makasaysayang araw na ito.

Para sa kabatiran at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,


GERMELINA H. PASCUAL, CESO V
Tagapamanehala ng mga Paaralan

Liham Pansangay Bilang 026, s. 2020

12:10



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: <https://bulacandeped.com> email: bulacan@deped.gov.ph





Management System
ISO 9001:2015
www.sgs.com
ID 50020000



Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

Tanggapan ng Punong Lalawigan

Enero 14, 2020

DR. GERMELINA H. PASCUAL, CESO V
Tagapamanihala ng Paaralan
Kagawaran ng Edukasyon – Dibisyon ng Bulacan
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Dr. Pascual**:

Pagbati!

Taun-taon ay ating ipinagdiriwang ang anibersaryo ng kapanganakan ng Bulakenyong lingkod bayan na si Gat Blas F. Ople mula sa bayan ng Hagonoy. Bukod sa panunungkulan bilang kalihim ng Kagawaran ng Paggawa at Senador ng Republika ng Pilipinas, siya ay tumugon sa tawag ng tungkulin na maging tinylene ng Del Pilar Regiment sa Bulacan Military Area sa murang edad na labing-anim noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kasama siyang nakipaglaban sa Labanan sa Kiangan na nagresulta sa pagsuko ng pwersang Hapones sa Hilagang Luzon.


Sa taong ito, ating bibigyang-pagpapahalaga ang kanyang kontribusyong ito sa pagdiriwang ng **Ika-93 Guning Taong Kaarawan ni GAT BLAS F. OPLE** na may temang **"Pagtugon sa Tawag ng Tungkulin Tungo sa Dakilang Mithiin."** Ang palatuntunang pang-alaala ay gaganapin sa ika-3 ng Pebrero, 2020 sa ganap na ika-7:30 ng umaga sa harap ng gusaling Gat Blas F. Ople Sentro ng Kabataan, Kaalaman at Hanapbuhay (Livelihood Training Center), Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito, ikaw at ang iyong mga supervisor ay aking malugod na inaanyayahang dumalo at makiisa sa mahalagang araw na ito.

Maraming salamat!

Lubos na sumasainyo,

DANIEL R. FERNANDO
Punong Lalawigan



*Hiyas ng Bulacan Sentrong Pangkultura, Antonio S. Bautista
Bulacan Provincial Capitol Compound,
Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000
Email Address: historyheritage.bulacan@gmail.com*



Daniel R. Fernando
Punong Lalawigan

Wilhelmo M. Sy-Alvarado
Pangalawang Punong Lalawigan

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS

R JAN 22 2020 **D**

By: _____

Time: _____

BULACAN
RECEIVED
JAN 22 2020
235
180